# Monkeypox
## Gabay para sa mga Negosyo at Amo (Employers)

## Pambungad

Sa kasalukuyan ay may pagsiklab ng monkeypox sa Amerika (Estados Unidos) at sa buong mundo. Ang monkeypox ay sanhi ng virus na bihirang makita sa Amerika hanggang noong Mayo 2022. Ang panganib para sa transmisyon ng monkeypox sa pangkalahatang populasyon at sa karamihan ng mga lugar ng trabaho ay kasalukuyang napakababa. Ang gabay na ito ay nagbibigay ng impormasyon para sa mga negosyo at amo tungkol sa kasalukuyang pagsiklab ng monkeypox at binabalangkas ang mga hakbang para mapababa ang panganib ng pagkakalantad at transmisyon sa lugar ng trabaho.

## Kasaysayan (Background)

Ang monkeypox ay isang sakit na nagsasanhi ng pantal, na maaaring mahapdi. Ang pantal ay maaaring maging mukhang mga bukol, paltos, sugat na nagnanaknak (ulcer), o langib. Maaari rin itong magsanhi ng mga sintomas na tila trangkaso kabilang ang lagnat. Lubhang mas hindi nakakahawa ang monkeypox kaysa sa COVID-19.

## Mga halimbawa ng pantal ng monkeypox



### *Paano kumakalat ang monkeypox*

Ang monkeypox ay kilalang kumakalat sa pamamagitan ng malapitan at/o matagal na kontak sa taong may monkeypox, kabilang sa pamamagitan ng:

- Direktang balat-sa-balat na kontak sa pantal, mga langib at sugat ng monkeypox.
- Kontak sa mga inilalabas ng palahingahan. Maaaring ito ay mangyari sa matagal, harapang kontak o matalik na pisikal na kontak.
- Kontak sa mga bagay at tela (tulad ng hindi nalabahang damit at kumot, nagsasalo sa mga tuwalya) na ginamit ng taong may monkeypox, at hindi pa nalinis.

Ang taong may monkeypox ay maikakalat ito sa iba mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang ang pantal ay ganap nang gumaling at isang bagong patong ng balat ay nabuo na. Karaniwan itong inaabot ng 2 hanggang 4 na linggo.

Nagsasaliksik pa rin nang higit ang mga siyentipiko tungkol sa kung paano naikakalat ang monkeypox, kabilang kung ang virus ay maaaring maikalat kapag walang mga sintomas ang isang tao, kung gaano kadalas itong kumakalat sa pamamagitan ng mga inilalabas ng palahingahan, at anumang iba pang mga uri ng interaksyon o pag-uugali na maaaring maglagay sa mga tao sa karagdagang panganib. Patuloy na magbabahagi ng impormasyon ang Pampublikong Kalusugan habang tayo ay natututo ng mas marami pa.

Tingnan ang ph.lacounty.gov/monkeypox para sa mas marami pang detalye at pinakabagong impormasyon.

## Mga pangkalahatang kasanayan sa pagpigil sa impeksyon para sa lahat ng mga lugar ng trabaho

- Hikayatin at suportahan ang mga empleyado na manatili sa bahay kapag sila ay may sakit.
- Gumamit ng mga pamantayang pamamaraan at materyales sa paglilinis at pagdidisimpekta. Sundin ang mga patakaran sa paglilinis ng iyong pasilidad kabilang ang paglalaba ng mga kumot, tuwalya at yuniporme, paglilinis ng kagamitan sa pagitan ng paggamit, pagpupunas ng mga madalas na hawakang ibabaw atbp. Ang pagsusuot ng mga naitatapong (disposable) guwantes habang naglilinis/nagdidisimpekta ay inirerekomenda sa pangkalahatan.
- Suportahan ang kalinisan ng kamay. Gawing may magagamit na mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay at/o sanitizer para sa kamay para sa mga manggagawa at kostumer nang walang gastos. Siguraduhin na ang mga empleyado ay may sapat na oras para hugasan ang kanilang mga kamay sa oras ng trabaho.
    - Hikayatin ang mga empleyado na agad na hugasan o i-sanitize ang kanilang mga kamay bago at pagkatapos magbigay ng mga serbisyo. Ang sinuman na humahawak ng mga sugat o hindi nalabahang mga damit, linen, o ibabaw na maaaring nagkaroon ng kontak sa mga sugat ay dapat na magsuot ng mga naitatapong guwantes kapag ginagawa ito at dapat na agad hugasan ang kanilang mga kamay pagkatapos nito.
    - Maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig nang hindi bababa sa 20 segundo.
    - Dapat na maglaman ang sanitizer sa kamay ng hindi bababa sa 60% na alkohol.
    - Ang mga paskil (poster) sa maraming wika na nagpapaalala sa mga tao na maghugas o mag-sanitize ng kanilang mga kamay at nagpapakita kung paano hugasan ang kanilang mga kamay ay makukuha dito.
- Hikayatin at gawing madali para sa mga empleyado na manatiling napapanahon sa anumang mga pagpapabakuna kung saan sila ay kwalipikado.
- Gumamit ng malinaw na nakikitang karatula sa pasukan papunta sa iyong negosyo at sa mga elektronikong komunikasyon (hal., website, sosyal midya, mga kumpirmasyong email) para paalalahanan ang mga bisita na huwag pumasok sa mga nasasakupang lugar kapag sila ay may sakit o may mga sintomas (asymptomatic).

Patuloy ang Pampublikong Kalusugan sa mariing pagrerekomenda ng pagmamaskara sa panloob na lugar (indoor masking) upang mapababa ang panganib ng transmisyon ng COVID-19.

Kung may kumpirmadong kaso ng monkeypox sa iyong pasilidad:

- Sumangguni sa CDC Gabay para sa Pagdisimpekta ng Bahay at Kapaligiran na Hindi-Pangangalagang Pangkalusugan
- Kung ang empleyado ay may monkeypox, tingnan ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod para sa mga Taong may Impeksyon ng Monkeypox na makukuha sa maraming wika sa ph.lacounty.gov/monkeypox.
- Kung ang isang empleyado ay nalantad sa monkeypox, tingnan ang Gabay para sa mga Indibidwal na Nalantad sa Monkeypox, na makukuha sa maraming wika sa ph.lacounty.gov/monkeypox.

## *Pagbabawas ng panganib sa pamamagitan ng paglilinis (mga spa, hotel, gym, iba pang mga tagapagbigay-serbisyo sa personal na pangangalaga)*

**Mga ibabaw at kagamitan na ginamit ng mga bisita o kawani:**
Ang mga madalas na hawakang ibabaw at kagamitan (halimbawa sa mga gym at spa) ay dapat na linisin at disimpektahin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakaran sa pamantayang paglilinis at gamit ang mga produktong rehistrado ng EPA na naaangkop para sa monkeypox (tingnan sa ibaba). Dapat na magsuot ng mga naitatapong guwantes (disposable gloves) kapag naglilinis/nagdidisimpekta. Ang mga guwantes ay dapat na itapon pagkatapos gamitin, kasunod ang paghuhugas ng kamay.

**Mga plato at kubyertos:**
Ang mga narumihang plato at mga kubyertos sa pagkain ay maaaring hugasan sa isang tagapaghugas ng plato (dishwasher) na may sabong panghugas at mainit na tubig o sa pamamagitan ng kamay gamit ang mainit na tubig at sabong pangplato.

**Mga linen, tuwalya, at damit:**
Ang mga linen, tuwalya, at damit (halimbawa sa mga gym, hotel at negosyo na nagbibigay ng mga personal na serbisyo) ay maaaring linisin gamit ang pamantayang mga sabon sa paglalaba. Dapat ilagay nang maingat at agad-agad ang mga maruruming labada sa supot na panglabada (laundry bag) at hindi dapat alugin o hawakan sa paraan na maaaring maikalat ang potensyal na nakakahawang materyales. Inirerekomenda na ang mga manggagawa na nag-aasikaso ng hindi pa nalalabahang mga linen, tuwalya, at damit na ginamit ng ibang mga tao ay magsuot ng mga naitatapong guwantes at magsuot ng damit o mga gown na tinatakpan ang anumang lantad na balat.

Tingnan ang CDC Gabay para sa Pagdisimpekta ng Bahay at Kapaligiran na Hindi-Pangangalagang Pangkalusugan para sa patnubay tungkol sa paglilinis at pagdidisimpekta ng mga kapaligiran sa panahon at pagkatapos ng impeksyong monkeypox.

**Mga produktong panglinis:**
Ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay may listahan ng mga produktong pandisimpekta na rehistrado para gamitin laban sa monkeypox virus. Ang listahan ay kinabibilangan ng mga popular na produkto na ginagamit na ng maraming mga negosyo at indibidwal. Maaaring matagpuan ang listahan sa website ng EPA na mayroong kasangkapan sa pagsasaliksik para mahanap ang mga pandisimpekta ayon sa mga salik tulad ng pangalan ng produkto, oras ng kontak, at uri ng ibabaw.

Tingnan kung ang iyong produkto ay rehistrado ng EPA: Hanapin ang numero ng rehistrasyon ng EPA na nasa produkto.

- Basahin ang mga direksyon: Tingnan ang “mga lugar na pagagamitan” (used sites) at mga “uri ng ibabaw” (surface types) upang masiguro na ito ang tamang produkto para sa iyong pang ibabaw na gamit. Kasunod, basahin ang “mga pahayag sa pag-iingat”.
- Pauna nang linisan ang ibabaw: Siguruhin na hugasan ang ibabaw gamit ang sabon at tubig kung binanggit ng direksyon ang paunang paglilinis o kung ang ibabaw ay kitang kita na marumi. Ang dumi ay maaring makapigil sa pag-gana ng pamdisimpekta.
- Sundin ang mga tagubilin sa oras ng kontak: Ang ibabaw ay dapat na manatiling basa sa tagal ng oras na isinasaad upang matiyak na epektibo ang produkto. Muling lagyan kung kinakailangan.

## *Pagbabawas ng panganib mula sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa personal na pangangalaga*

Ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga, tulad ng masahe at pangangalaga sa balat, ay dapat na may mababang panganib sa transmisyon ng monkeypox hangga’t ang naitatag nang mga patakaran sa pagkontrol ng impeksyon at mga pamantayan sa pagpigil ng mga naipapasang sakit ay nasusunod.

- Disimpektahin ang kagamitan na nagkaroon ng direktang kontak sa balat ng kliyente, kabilang ang mga mesa, upuan, at mga saklungang pangmukha.
- Labahan ang mga tuwalya at linen pagkatapos gamitin. Huwag muling gamitin ang mga tuwalya at linen na hindi pa nalalabahan.
- Hugasan agad ang iyong mga kamay bago at pagkatapos na magbigay ng mga serbisyo na kinabibilangan ng paghawak sa balat ng kliyente.

Sa pangkalahatan, para mapababa ang posibilidad ng mga direktang kontak ng pagkakalantad, magsuot ng mga naitatapong guwantes at siguraduhin na natatakpan ang iyong balat habang nagbibigay ng mga serbisyo na kinabibilangan ng paghawak sa balat ng kliyente at kapag humahawak ng mga ginamit na gown, tuwalya, at kubre-kama, bukod sa iba pa. Para mapababa ang pagkakalantad sa mga inilalabas ng palahingahan, magsuot ng maskara habang nagbibigay ng mga serbisyo sa personal na pangangalaga, lalo na sa mga kinabibilangan ng matagal na harapang kontak. Ang pagmamaskara ng parehong manggagawa at kliyente ay pinakamahusay para mabawasan ang panganib ng COVID-19 at maaari ring makatulong para mabawasan ang panganib ng monkeypox.

Dagdag pa dyan, inirerekomenda na:

- Magpaskil ng karatula na nagtuturo sa mga kliyente na ipagpaliban ang mga serbisyo kung mayroon silang lagnat o isang bago at hindi maipaliwanag na pantal.

- Tanungin ang mga kostumer/kliyente bago ang pagbibigay ng serbisyo kung mayroon silang anumang mga sintomas na parang sa trangkaso (tulad ng lagnat) o isang bago o hindi maipaliwanag na pantal. Hilingin sa kanila na muling iiskedyul ang serbisyo kung mayroon sila nito.
- Tingnan habang iniinspeksyon ang bahagi ng balat na hahawakan.
- Huwag humawak ng pantal, (kabilang ang mga bukol, paltos, pamamagang may nana, sugat, o langib) na maaaring nakakahawa (tingnan ang mga imahe sa itaas).

Sundin ang mga patakaran na lumalapat sa iyong uri ng negosyo/pasilidad tulad ng:

- Lupon ng Pagpapagupit at Pagpapaganda ng California
- LAC DPH Kalusugang Pangkapaligiran-Mga establisyemento ng masahe

## Mas marami pang impormasyon

**Los Angeles County, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan**
ph.lacounty.gov/monkeypox

**Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit**
cdc.gov/poxvirus/monkeypox/index.html

**Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California**
cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Monkeypox.aspx